Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
Region IV- MIMAROPA
**COMMUNITY ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES OFFICE**
by the National Highway, Poblacion, Taytay, Palawan 5312
Contact No.: 09265059335 (Globe) / 09121713889 (Smart)
Email address: cenrotaytay@denr.gov.ph

May 30, 2023

**GNG. JOCELYN O. QUIÑONEZ**
Daisy St., Brgy 105, Happy Land, Tondo, Manila
0946 376 9560

Gng. Quiñonez,

Magandang araw po!

Ito ay patungkol sa inyong idinulog na kahilingan sa *Presidential Action Center* noong ika-23 ng Mayo, 2023 na masukat at mahati-hati ang lupa ng inyong biyanan na si G. Benjamin Brazan sa Barangay Busy Bees, Taytay, Palawan.

Hangad ng Opisinang ito na matulungan kayo ngunit ang inyong sulat kahilingan ay kulang sa detalye ng pagkakakilanlan ng lupa na nais ninyong masukat at mahati-hati. Batay sa beripekasyon ng talaan ng Opisinang ito, mayroong tatlong lote na nakapangalan kay G. Benjamin Brazan sa nabanggit na barangay. Ito ay ang mga sumusunod:

1. Lot 6402, Cad 841-D – Area: 2.5795 hectares – walang aplikasyon ngunit nagkaroon ng *boundary conflict* kay Jolivem Declines na nagresulta sa *amicable settlement* na magkaroon ng *Joint Relocation Survey.*

2. Lot 6446, Cad 841-D – Area: 8.8742 hectares – nakatala sa pangalan ni Felipe Brazan bilang *survey claimant* ngunit may nakabinbin na Agricultural Free Patent Application ni Benjamin Brazan.

3. Lot 6268, Cad 841-D – Area: 315 sq.m. – titulado kay Benjamin Brazan noon pang ika-10 ng Disyembre, 1998.

Upang kayo ay aming matulungan, pakibigyan niyo po kami ng detalye ng lupa na nais ninyong masukat at mahati-hati para sa aming sanggunian. Maaari po kayong makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng mga numero ng telepono o sa aming official email address sa itaas.

DENR CENRO
TAYTAY, PALAWAN
RELEASED
BY: 
DATE: MAY 30 2023 ... 2024

Sumasainyo,

**CONRADO M. CORPUZ**
CENRO

Binibigyan sipi:

**The Director**, Presidential Action Center
**The Regional Executive Director**, DENR MIMAROPA
**The Director**, LMB
**The Undersecretary** for Legal and Administration
**The Undersecretary** for Field Operations – Luzon, Visayas amd Environment
**PENRO-Palawan**